



PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Nobyembre 9, 2022

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Tina Landis, 415-940-3585

Distrito ng Hangin, kakatawanin ang Bay Area sa COP27

Publika, hinihikayat na makipag-ugnayan sa mga kinatawan ng Distrito ng Hangin sa mga live na briefing

SAN FRANCISCO – Magpapadala ang Distrito ng Hangin ng Bay Area ng mga kinatawan para dumalo sa Kumperensya sa Pagbabago ng Klima ng United Nations (United Nations Climate Change Conference), o COP27, sa Sharm El Sheikh, Egypt, mula Linggo, Nobyembre 13 hanggang Biyernes, Nobyembre 18.

Magsasagawa ang Chair ng Lupon na si John Bauters at ang Vice-Chair na si Davina Hurt ng Distrito ng Hangin ng isang serye ng mga live na event sa Twitter sa kabuuan ng kumperensya. Iniimbitahan ang mga residente ng Bay Area na sumali sa talakayan, magtanong, at ibahagi ang kanilang mga alalahanin sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa [Twitter](#) at [Facebook](#).

“Lalong tumitindi ang epekto ng pagbabago ng klima sa Bay Area at sa mundo, at ang mga disadvantages na komunidad na labis nang naaapektuhan ng polusyon sa hangin ang pinakaapektado,” sabi ni Sharon Landers, ang pansamantalang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Ang COP27 ay isang napakahalagang lugar para sa pagbabahagi ng kaalaman at mga diskarte sa buong mundo para mabilis na mabawasan ang mga greenhouse gas. Mahalagang umaksyon tayo kaagad para mapigilan ang krisis, at patuloy na gagampanan ng Distrito ng Hangin ang aming papel sa pagbabagong ito tungo sa isang zero-carbon na mundo.”

“Para matugunan ang krisis sa klima, kailangang magtulungan ang iba't ibang bansa at magbahagi ng kaalaman at mga resource nang sa gayon ay magawa ng lahat na magkaroon ng sustainable na development,” sabi ni John Bauters, ang chair ng Lupon ng Distrito ng Hangin. “Bilang ang ika-19 na pinakamalaking ekonomiya sa buong mundo, malaki ang papel ng Bay Area. Ang pangunguna namin sa pag-aksyon kaugnay ng klima ay magiging mahalaga sa mga pang-estratehiyang talakayan sa COP27 tungkol sa kung paano sapat na matutugunan ang krisis para matulungan ang mga pinakaapektadong komunidad.

Sa COP27, magsasama-sama ang mga lider ng iba't ibang bansa para mapabilis ang pagpapatupad ng mga diskarte sa pagprotekta ng klima. Ang paglahok sa kumperensya sa klima ay magbibigay-daan sa Distrito ng Hangin na matuto tungkol sa mga makabagong teknolohiya na ginagamit at mga patakarang ipinapatupad sa buong mundo na puwedeng gayahin sa Bay Area. Ibabahagi rin ng Distrito ng Hangin ang kaalaman, mga tagumpay, at diskarte ng ahensya na nakatulong para kontrolin ang pagbabago ng klima sa lokal na antas. Pagbabatayan ng COP27 ang mga naging resulta ng COP26, mula sa agarang pangangailangan na bawasan ang mga emisyon ng greenhouse gas hanggang sa pagiging matatag at pag-angkop sa mga epekto sa klima na kinakaharap natin sa kasalukuyan.

Ang [Distrito ng Pamamahala ng Kalidad ng Hangin sa Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)